

# 1

“What about work, *sunbaenim*? You do know the team is working on an important project right now and I can’t just leave them unsupervised.” Kulang na lang ay magpapadyak sa frustration si Belinda ‘Billie’ De Leon habang kausap ang general manager ng *Vanguard Korea*, ang private investigation agency kung saan mahigit tatlong taon na siyang nagtatrabaho bilang isa sa mga system engineers.

Bago iyon ay naranasan niyang magkaroon ng three-year work experience sa isang multinational business process outsourcing company sa Pilipinas, na isa sa mga kliyente ng satellite office doon ng *Vanguard*. Doon niya nakilala si Miss Chae Yoon, ang asawa ni General Manager Kang Hyun Young na siyang nag-recruit sa kanya upang magtrabaho sa mga ito. And it was, for her, the best career decision she had ever made.

Maganda ang pasuweldo, subsidized ang pabahay, challenging ang trabaho and the office and work environment was something anyone could ever dream of. Wala siyang karekla-reklamo. Nakakatulong din siya sa kanyang pamilya sa Pilipinas, naikuha ng

magandang health insurance ang mga magulang, naipaayos ang bahay nila at natulungan pa niya ang Ate Badette niyang mapagtapos ng pag-aaral ang bunso nilang si Benj na ngayon ay isa nang licensed architect. Wala na siyang mahihiling pa, maliban sa makapag-aral ng post-graduate degree sa kanyang dream university at ang magkaroon ng boyfriend.

Nakapasok siya sa Engineering department ng *Seoul National University*, ngunit dahil hindi niya kayang mag-full time sa pag-aaral ay nag-apply siya sa executive program para sa mga working students. The class schedules for the said program were held during weekends, at ang kailangan lang upang makakuha ng slot doon ay ang certificate of endorsement mula sa kanyang employer.

Iyon ang ilang araw na niyang inire-request sa kanyang superiors, at iyon ang inaasahan niyang dahilan kaya ipinatawag ni Mr. Kang. Pero hindi niya inaakalang bago niya makuha ang hinihinging endorsement ay may kondisyon pa pala. Bago iyon sa kanya. Her employers had always been very generous and supportive. At may mga mas well-trained at qualified staff sila para sa hinihinging ‘kondisyon’ ng mga ito. Bakit siya pa?

*“Park Hotels is one of our top clients, Billie-ya.*

They also own ten percent of our stocks. There is a very specific request for the kind of assistance that we need to provide for Miss Jae Rim Park. Don't think we're doing this to make things difficult for you. We support you all the way. We just believe that you're the perfect person for the job," mahinahon at nakakaunawang sabi ng kanyang boss, na kanina pa panay ang tulak sa tray ng milk tea at pastries na idinulot ng sekretarya nito upang kainin niya. Dahil sa nararamdamang stress, hindi naman niya iyon mapansin kahit alam niyang masarap.

"But what about my job?"

"We've thought about it and since we're not really pressed for time with that project, you can work remotely, at any time. This assignment is only for a few months, Billie-ya. Five months at the most. Although we hope we can solve the case as soon as possible." Kinuha ng nakatatandang lalaki ang isang folder at ipinakita ang laman niyon sa kanya. It was the endorsement paper she was requesting for, and a check payable to *SNU*. Parehong wala pang pirma ang mga iyon.

"We agreed to also pay for your post-graduate studies, Billie-ya, as part of your compensation. Please accept," may pakikiusap na sa mga matang saad nito.

How could she say no? Parang mga magulang na ang turing niya kay Mr. Kang at sa asawa nito. At hindi naman siya api sa benepisyo, magiging scholar pa siya ng kompanya. Napasulyap siya sa desk calender; kauumpisa pa lang ng spring season. Sisiguruhin niyang bago man lang mangalahati ang summer, at bago dumating ang fall semester ay nagawa na niya nang maayos ang assignment na ito.

“*Araso,*” tumatangong sabi niya, using the Korean word for ‘Okay’. “I will take the job.” Nakangiti nang inilahad niya ang kamay sa general manager, na tuwang-tuwang inabot iyon.

“*Kamsahabnida,* Billie-ya. We will schedule a meeting with your team tomorrow so we can explain how work will be like for the next few months, *araso?*”

Nag-thumb up sign lang siya nang bitawan na ng kanyang superior ang kamay niya. Bahagya siyang yumukod at nagpasalamat dito. Tatalikod na sana siya nang muling tawagin ng amo. Pagharap niya ay nakakunot ang noo nito at hawak ang tray ng pagkain at inumin, iniaabot sa kanya.

“Finish your food,” he ordered.

Napangiwi siya. Bakit ba niya palaging nalilimutang isang malaking no-no rito sa Korea

ang tumanggi at lalo na ang talikuran ang iniaalok na pagkain?

Who could refuse food that look and smell this good anyway? Nakangiting kinuha niya ang tray at tinungo na ang pinto, but not without another word from her good manager.

“Aja, Billie-ya! Fighting!”

---

“Billie, are you sure you don’t want to join me? You don’t have to get the same treatment if you don’t want to, you can have the foot spa or something. I mean, I don’t want to leave you alone here.” Iginala ng napakagandang si Jae Rim Park ang paningin sa kabuuan ng garden lounge ng isa sa pinakamalalaking branch ng *Park Hotels*, this one was located near the Namsan, almost right smack in the middle of Seoul.

Sa harap nila ay ang well-landscaped pool and garden area. Sa kaliwa ay ang maikling hallway patungo sa spa, at sa kanan ay patungo naman sa main lobby. Sila lang ang tao sa parteng iyon ngunit alam niyang nagkalat din sa paligid ng hotel ang security force nito na ang *Vanguard* din ang nagpo-provide.

Jae Rim Park was pure Korean, but since she lived

in California when she was twelve, was educated there and was even a *Stanford* graduate, wala halos mababakas na trace ng pagiging Korean sa pananalita at mannerisms nito. Tatlong araw na simula nang tanggapin niya ang trabaho upang tulungan si Jae Rim na malaman kung sino at mahuli ang di-umano ay stalker nito.

It was almost four in the afternoon and they had been together since lunchtime, where they talked and bonded over delicious Asian food. Madaling nakagaan ng loob ni Billie ang babae at maliban sa inherent vanity ng mga Koreana, wala itong ibang arte sa katawan at sa buhay.

Ilang linggo na raw kasi nitong napapansin na sa tuwing may mga lakad ito at tuwing pauwi na sa bahay, may sumusunod ditong sasakyan. Kadalasan din daw ay napapansin nitong sa bawat meeting ay may kung sinong nagmamasid dito. Jae Rim herself could be a fine detective dahil nagagawan talaga nitong kunan ng litrato gamit ang *iPhone* nito ang stalker. Ngunit halata mang may dahilan ito upang maalarma ay mahirap ding makuha ang identity ng taong sumusunod dito.

Magaling at mailap ang mga stalkers ni Jae Rim. Mukhang alam din kung saan nakapuwesto ang mga

security cameras at alam kung paano magdi-disguise at iiwas sa mga iyon. Mga stalkers, dahil magkaiba ang bulto ng driver ng sasakyang sumusunod sa babae, at ang mga taong ngayon ay ipinagpapalagay nilang binayaran upang sundan ang hotel heiress and newly elected CEO. Tatlong klaseng sasakyan din ang so far ay nakuhanan ng litrato at video ng babae na sumusunod dito, ngunit mukhang iisa lang ang driver.

Jae Rim didn't like having bodyguards. Ayaw nito ng may nakasunod dito. Ang babae rin ang nagda-drive ng sarili nitong sasakyan, ngunit ngayong kumbinsido na ito sa pagkakaroon ng stalker ay napilitan na ring kumuha ng serbisyo ng maaaring makatulong dito.

She wanted the investigation to be inconspicuous, though. At iyon ang dahilan kaya si Billie ang ipinadala ng kompanya nila.

Lahat ng personnel ng *Vanguard* ay licensed private investigator, trained sa martial arts at paghawak ng baril. Konektado rin ang mga cellphones nila sa isa't isa. Iyon ang isa sa mga contingency plans ng kompanya sakaling maging understaffed sila o may agents na nangangailangan ng tulong.

"I'm fine, Jae. I'm really a bit squeamish about spa treatments," aniya sa hotel heiress. "Next time,

maybe. And don't worry about leaving me here. I'll find ways to keep myself busy while still doing my job."

"I know you have a job to do but don't stress yourself too much over it, all right?" Sa wakas ay tinantanan na rin siya ng kausap na samahan ito sa spa. "Next time?"

"Sure, next time," nasabi na lang niya bago kumaway kay Jae Rim na dumerecho na sa entrance ng spa kung saan nakaabang ang isang attendant.

*Phew!* Iginala niya ang tingin sa paligid. Napangiwi siya nang mapansin ang likod ng malaking sectional couch doon ay may isang malaking vanity mirror na parang higitang version ng salamin ng evil queen sa *Snow White*.

Kung vain ang mga Pinoy, mukhang doble ang concern ng mga Koreans sa hitsura ng mga ito. There were mirrors everywhere. Mula sa labas ng mga shops hanggang sa mga train o subway stations ay nagkalat ang mga salamin upang ma-check daw lagi ng mga tao ang hitsura nila. Koreans believe that the better-looking people are the more successful, kaya bukod sa mga salamin ay nagkalat din ang mga cosmetic enhancement clinics, salons at beauty shops.



*Buti na lang hindi ako Koreana, naisip niya. Pero ngayong nakatakda siyang maging companion slash detective para sa isang hotel heiress na isa ring fashion icon, binilinan na siya sa opisina na kahit paano ay mas mag-effort pa sa improvement ng kanyang hitsura. Ano ako, Bond girl?*

Billie was no agent. She was only trained to be one and this was the first time she would ever be part of any major detective work. Skeptic pa siya sa sariling trabaho ngunit aaminin niyang challenging din ito dahil mukhang mahirap ma-identify ang *kalaban* nila.

Minasdan niya ang sarili sa salamin. May malabong pimple mark siya sa baba at isang nunal sa kaliwang pisngi na hindi nagawang itago nang tuluyan ng gamit niyang *BB* cream. Iyon kaya ang dahilan kung bakit ganoon na lang ang pagyaya sa kanya ni Jae Rim na magpa-spa? Napailing siya, tinalikuran na ang salamin upang bumalik sa pagtunganga sa garden.

“Only five seconds in front of the mirror? Now I’ve seen everything.”

Napasinghap siya sa narinig na nagsalita. Malalim at mababa ang boses, buung-buo.

*And that, Billie, is the sexiest voice you've ever heard.*

Pagbaling niya sa malawak na hallway patungo sa lobby ay nakatayo roon at nakapamulsa ang isang matangkad na lalaki. Curious itong nakatingin sa kanya. He had a wistful smile on his face and the most arresting baby brown eyes she'd ever seen.

Dalawang metro ang layo niya rito ngunit pansinin talaga ang kulay ng mga mata nito, na nagiging mas mapusyaw pa sa tama ng sikat ng araw.

And those were just his eyes. The rest of him was something she didn't see everyday. This man was very good-looking. His eyes were very Asian but he had fine chiseled features that must have come from European lineage.

Marahil ay six feet ang taas nito, sakto lang ang kulay ng balat na hindi kayumanggi ngunit hindi naman kasimputi ng karaniwang Koreano. Lean and muscular ang pangangatawan, malapad ang mga balikat at maganda ang mga brasong kita sa snugly fit long-sleeved shirt nito. He was clean cut and clean shaven but still managed to exude a mysterious, slightly dangerous aura.

“You are making me blush, Miss. I hope I passed,”

nakangiti pa ring sabi nito habang palapit.

*Shit! Kanina ko pa ba siya tinitingnan?* Hindi siya mahilig sa mga tisoy, pero willing siyang magbigay ng exception para sa lalaking ito.

Sino kaya ito at saan ito galing? Hindi niya napansin kaagad ang estranghero kanina.

Naalarma siya nang maisip na medyo kapareho nito ng built ang driver ng sasakyang sumusunod kay Jae Rim, base sa nakita niyang pictures. Gayundin ang isa sa mga nahuli ng dalaga na nagmamasid dito. Could he be the stalker?

But why was he here and risking himself to be exposed?

“Miss? Are you okay?” Lumapit na sa kanya ang lalaki.

She cleared her throat. “I’m fine.” Pasimpleng kinapa niya ang stun gun na nasa inner pocket ng kanyang jacket. “What?” Nangunot ang noo niya. Kung maka-comment ang isang ito dahil tinitingnan niya, ito naman ang tila natutulala sa kanya ngayon.

“Uhm... I was trying to guess where you’re from,” sagot nito na hinimas-himas pa ang baba at tiningnan siya na parang chess piece at iniisip kung anong move

ang gagawin sa kanya.

“And why would you want to know?” Tumaas ang isang kilay niya.

“I meant, what country,” paglilinaw nito.

“I’m from the Philippines.”

Nagliwanag ang mukha nito. “Talaga?”

Siya naman ang nagulat. “Ikaw din?”

He smiled, showing perfect set of white teeth. Ito ang klase ng lalaking hindi na siguro tumitingin sa salamin. “Ipinanganak at lumaki sa Quezon City.”

Geez! Pinoy nga! And she thought he was some Korean or Japanese hybrid. “Nice,” nasabi na lang niya. Wala siyang balak magboluntaryo ng impormasyon sa lalaking ito.

But why couldn’t she take her eyes off him? Napasinghot siya. Ang bango rin nito; amoy bagong ligo.

“You going to the spa?”

Umiling siya bago nagbawi ng tingin. She should stop looking at this man, dahil kakaiba na ang nararamdaman niya. It was strange, and unwelcome.

Her heart was starting to beat faster than usual.

“I’m waiting for someone here. Sinabi niyang magpapa-massage daw muna siya before we head out.”

Napatango lang siya bago ipinako ang tingin sa tiered fountain sa garden sa harap nila.

“May hinihintay ka rin?”

“Yes, friend ko. Nagpa-massage din.”

“And why aren’t you with her? I thought girls like getting pampered together.”

Nangungunot ang noong tiningnan niya itong muli. “I don’t really like getting pampered.”

Umarko ang isang kilay nito. “Oh...” Then he shrugged. “I don’t get it sometimes, either. But my girlfriend is way into spa treatments. She’s the one in there, by the way.” Iminuwestra nito ang entrance ng spa. “Ewan ko ba sa isang iyon. Jae Rim—”

“Jae Rim?” ulit niya.

“Yes, Jae Rim Park.” Napailing ito. “I guess everybody knows her.”

“She’s your... girlfriend?” Walang nabanggit ang babae tungkol sa pagkakaroon ng boyfriend kaninang

*Heart And Seoul - Sachi Bliss*

---

nag-uusap sila. But looking at this beautiful man now, well... *Puwede.*

Actually, bagay ito at ang ngayon ay amo niya.

Pero bakit parang hindi yata niya gusto ang nalamang iyon?

## 2

JD couldn't keep himself from smiling. Masyadong transparent ang babaeng kausap niya. Kitang-kita sa mukha nito ang pagkagulat at disappointment nang marinig kung sino ang dinadalaw niya, at lalo na nang malamang girlfriend pala niya iyon.

“You look disappointed,” hindi mapigilang sabi niya. This woman was quite cute. Hindi niya talaga akalaing kababayan pa pala niya ito. She had fair skin any Korean woman would kill for. Malalaki ang wide set almond eyes nito, na binagayan ng mga kilay na mukhang natural ang pagkaarko. Tama lang ang tangos ng ilong at maganda ang hugis ng natural na mapupulang labi.

The same lips that quivered as she realized what his last statement meant. “Why would I be disappointed?” Her nostrils flared. Namula ito.

He ought to stop. Ngayon pa lang niya ito nakilala. Pero may kung ano sa babaeng ito na parang hindi niya ma-resist. “I don't know, actually. You tell me. Para kasing hindi mo nagustuhan nang sabihin kong girlfriend ko ang hinihintay ko dito.”

“You are full of yourself, you know that?”

Natawa siya. “Just pointing out what I saw.”

“Or what you think you saw,” balik nito. “Assuming ka.” Tumaas ang isang kilay nito, sabay sulyap sa pinto ng spa. “Actually, pareho tayo ng hinihintay.”

Siya naman ang nagulat. “Pareho?”

Tumango ito. “*Neh*,” she answered smugly with the Korean word for ‘Yes’. ”I’ve actually been with Jae since lunch. Niyaya din niya akong mag-spa pero ayoko lang. She said she’ll just get a massage.” Tumingin siya sa kanyang wristwatch. “So, matatapos na iyon anytime.”

Nangunot ang noo niya. “Kilala ko ang lahat ng mga kaibigan ni Jae Rim. Saan kayo nagkakilala?” Hindi niya napigilang igala ang paningin sa kabuuan ng kausap. She wore gender neutral clothes. Mas mukha itong plain clothes operative, na hindi niya maisip na kasama sa circle of friends ng nobya na panay fashionista.

Maayos at nasa lugar naman ang pananamit ni Billie. Striped collared shirt and slim jeans that perfectly showed off her athletic, yet curvy body. She also wore a navy blue light jacket. Lace-up boots ang



suot nito sa paa na mukhang kayang magpalumpo sa kung sinumang masisipa niyon.

Nakalugay ang medyo maalong buhok nitong lampas-balikat. She wore minimal makeup. With those gorgeous eyes and pouty lips, she didn't need any.

Hindi ito kasing-glamorosa at well-put ni Jae Rim, but Billie was definitely hot. Gusto rin niya kung paanong tila wala itong pakialam sa hitsura. Kung ang ibang Koreana ay hindi marahil lalabas ng bahay kung may gatuldok man lang na spot sa mukha nito, mukhang proud pa roon ang kausap niya.

Halata ang marka ng kagagaling lang na pimple sa baba nito. May munting nunal din ito sa tabi ng ilong, sa kaliwang pisngi. Ngunit sa halip na makasira iyon sa halos flawless nitong balat ay tila nagbigay pa iyon ng character sa features ng babae.

This was a woman who wasn't ashamed of her imperfections.

“Oh, my gosh! Kung makatingin ka naman, parang ang ganda-ganda ko na.”

Napakurap si JD at napagtanto na marahil ay kanina pa siya nakatitig sa kausap. Nakangisi ito habang tinatapik ng mga palad ang magkabilang

pisngi. She even tucked a few stray hair behind her ears, na tila mahinhing kolehiyala.

“Binibintangan mo pa akong disappointed na malamang may girlfriend ka, ikaw naman itong OA kung makatingin,” patuloy pa nito na tila naaaliw sa reaksyon niya.

Ano kaya ang hitsura niya? Napasulyap siya sa salamin, at mahinang napamura nang makitang namumula siya.

“Uy, blushing!” pang-aasar pa ni Billie.

“Shut up,” mahinang sabi niya, bagaman napapangiti na rin.

“Huwag kang mahiya at ganyan talaga ang epekto ko sa mga guwapo,” sabi pa nito, nangingislap sa kapilyahan ang mga mata. Mukhang nawala na ang inisyal na pagiging mahiyain nito kanina. “Yung mga guwapong hindi Korean, ha. Wala yata akong appeal sa mga *K-Pop* boys.” Napailing ito. “Sayang, sila pa mandin ang type ko.”

Natawa siya. “You think I look good, huh?”

She rolled her eyes. “Ang laki niyang salamin, Pard.” Hinimas-himas nito ang baba habang minamasdan siya. “Guwapo ka naman talaga.”

Tuluyan na siyang napahalakhak. “So, may alam ka ba kung sino ang katipo ko?”

Ilang segundong nangungunot ang noo ni Billie habang kunwa ay nag-iisip. Now, he was taking back what he thought earlier about her being cute. She was actually quite sexy. And as her lips pursed and pouted in mock deep thought, he had to hold back the urge to step closer and kiss her.

Napabuga siya ng hangin. *What the...?*

“Gambit,” sabi nito.

“What?” He tried to recall what Gambit from the *X-Men* movies looked like. Hindi niya maalala.

“You don’t look like him but your built... you seem agile and flexible and strong kasi. Mukhang bagay sa i’yo ’yung ganoong role kung artista ka.” She then smiled. “Puwede ka na ring si Jumong.”

Napailing siya, natatawa pa rin. “You are something else.” Pagkuwan ay mataman niya itong minasdan. “Saan at paano nga kayo nagkakilala ni Jae Rim?” tanong niya.

Nanatili ang ngiti ng babae, ngunit may nagdaang kung ano sa magagandang mata nito. “We actually just—”

“Hey, gorgeous.”

Naputol ng boses na iyon ang sasabihin sana ni Billie. That sweet and seductive tone that could only come from the most beautiful woman in his life right now. Napatingin siya sa kaliwa.

Papalapit sa kanila si Jae Rim Park, looking refreshed and radiant as she smiled at him. May hint din ng tila amusement sa mga mata nito dala marahil ng naabutang pag-uusap nila ng babaeng kausap niya. Gosh, matagal na pala silang nag-uusap pero hindi niya alam ang pangalan nito.

Ipinako niya ang mga mata sa kasintahan. He was checking for signs if she looked jealous. Ngunit wala siyang makita. Mukhang naaaliw pa talaga ito. Tumitingin din ito sa katabi niya habang palapit. Sa halip na matalim na sulyap ay tila genuine ang tuwa at respeto ni Jae Rim dito.

Ipinaikot niya ang isang kamay sa baywang ng nobya at magaan itong hinagkan sa labi. From the corner of his eyes, he saw the other woman turn away. Na tila hindi ito komportable sa sweetness nila.

Hindi niya alam kung bakit tila ikinatuwa niya ang nakita.

---

Buti na lang at tinuruan sila sa *Vanguard* na maging alerto, madaling makabawi at mabilis mag-isip. Salamat na rin sa humor ni Billie dahil bukod sa natapatan niya ang pang-aasar ng lalaki ay nagawa rin niyang mailihis ang usapan tungkol sa alam niyang follow-up question nito ukol sa kung paano sila nagkakilala ni Jae Rim.

Hindi pa mandin nila napag-uusapan ng kliyente ang tungkol sa boyfriend nito. She didn't even know Jae Rim had one! Hindi kaya isa ang lalaking ito sa suspects ng hotel heiress?

Pero ang guwapo ng hombre, sayang kung may saltik pala.

At ano nga pala ang pangalan nito? Sa durasyon ng pag-uusap nila ay wala silang nabanggit kung ano ang kanilang mga pangalan upang maging formal ang pagkakakilala nila.

Saka bakit ba kanina pa niya pinupuri ang hitsura ng lalaking ito? Hindi ito ang type niya. Hindi ito singkit! Hindi ito payat at malamya. Walang kulay ang buhok nito. Magaling lang itong manamit. Iyon lang.

At ang ganda rin ng mga mata nito.

Pati ang lips.

Ang sarap hawakan ng kamay.

Ang sexy ng boses.

“*Aish!*” Napapadyak siya, sabay marahas na napasuntok sa ere.

“Billie, are you okay?” tanong ni Jae Rim, na kahawak-kamay ang nobyo nito. May pag-aalala sa magandang mukha nito.

She blinked. *Wah, nakakahiya!* Dumerecho siya ng tayo at tiningnan ang babae. “I’m fine. I was just thinking about something with regards to what we were talking about earlier, and had, uh... a Eureka moment,” palusot niya.

Umarko ang isang kilay nito. “Well, that’s... great. But don’t get so excited or worked up about anything, *araso?* We’ll take things easy. We have to make sure.”

Napatango siya. “Okay. *Mianhe,*” hinging-paumanhin niya.

“That’s okay, Sweetie.” Bumaling ito kay JD na noon ay takang nagpapalipat-lipat ang tingin sa dalawang babae. “This is Billie. She’s a system engineer for *Vanguard* and she’s helping me work a few things out,” she vaguely explained.

“Work a few things out with what?” Nakatingin

sa kanya ang binata nang magtanong.

She kept her mouth shut. Si Jae Rim ang sumagot. “Babe, you don’t want me to talk about that. My head was still throbbing after having a highly cerebral discussion with Billie here.” Inihilig nito ang ulo sa dibdib ng nobyo, saglit na bumaling sa kanya at kumindat. “That’s why I had to get a massage.”

“Aw, Sweetheart. ’You okay now?’” concerned na tanong ni JD.

“Much better,” sabi nito bago inilayo na ang sarili sa katipan at muling humawak sa kamay nito.

Sa kabila ng pagkailang na nararamdaman ay gustong matawa ni Billie. Ilang oras pa lang niyang nakikilala si Jae Rim ngunit alam na niyang strong-willed ito at independent mag-isip. Hindi ito clingy at obsessed gaya ng ibang babae sa kanilang boyfriends. It almost seemed like Jae Rim could actually live without this man.

Gaano katagal na kaya ang mga ito?

Sa nakikita ay halatang si JD ang tipo na gustong palaging nararamdaman na kailangan ng girlfriend nito. Iyong natutuwa pa kapag nagseselos ang nobya. Iyong marahil ay pinangarap ang maging Prince Charming sa isang damsel in distress o prinsesa.

Jae Rim may be a princess but she was no damsel.

“Anyway...” sabi ng babae na matamang tiningnan siya. “Billie, this is my JD. We have been together for almost a year,” pakilala nito sa katabi. “He is a consultant for *MBC*,” patuloy nito na ang tinutukoy ay ang isa sa pinakamalalaking producers ng mga drama series sa bansa. “And also a professor at *SNU*.”

Sinalubong niya ang tingin ng kliyente. Jae Rim was providing her with information about JD. Ibig sabihin ba ay kasama ang lalaki sa pinaghihinalaan nitong nagsi-stalk dito?

“Hey, did you have my CV memorized or what?” pabirong tanong ni JD sa nobya, na nginitian lang ito.

The other woman turned to her. “Just consider.”

“Consider what?” tanong ng lalaki.

“Something about what we’re working on.”

But Billie knew what it really was. Hindi lubusang pinaghihinalaan ni Jae Rim ang nobyo. Ngunit hindi rin naman nito niru-rule out ang posibilidad na may kinalaman ang binata.

“Noted,” nakangiting tugon niya. Ilang sandaling nagtama ang mga mata nila ng babae bago siya na rin ang umiwas dahil pinagmamasdan sila ni JD. “Well,



I'll just see you next time?"

Tumango ito. "Definitely, my dear." She reached out and patted her arm. "Would you like to join us, though? We're having coffee at the *Bene* shop here."

Umiling siya. "I dont really drink coffee in the afternoon. It makes me have a hard time getting sleep at night. You two enjoy the rest of the day, though."

"All right. Take care, Billie," ani Jae Rim.

Bahagya siyang yumukod bilang pamamaalam. Sumulyap siya kay JD, na matamang nakatingin sa kanya. "Bye."

Mabibilis ang lakad niya hanggang sa makalabas ng grounds ng hotel, patungo sa bus stop.

Napahinga siya nang malalim. May pakiramdam siyang hindi ito ang magiging huling pagkikita nila ni JD.

---

Kahit naiinis dahil sa para sa kanya ay napakaagang appointment, at sa labas pa, hindi pa rin napigilan ni Billie ang mapangiti sa sandaling makapasok siya sa *Donhwamun*, ang marangyang South entrance ng *Changdeokgung Palace*. Simula nang magtrabaho at tumira siya rito sa Seoul ay nanatiling isa ito sa

pinakapaborito niyang pasyalan.

Situated in one hundred ten acres of densely wooded land, this royal residence was for her, the most beautiful. Even beating *Gyeongbokgung*, the main palace. Hindi niya yata pagsasawaang libutin ang grounds nito, at nagawa na niya iyon in all four seasons. Lahat ng pagkakataong naroon siya, parang laging may bago at maganda siyang natutuklasan sa palasyo.

Maliban na lang siguro ngayon. Huwebes, dalawang araw simula ng una nilang pagkikita ni JD. Pasado alas nueve pa lang at isa siya sa mangilan-ngilang bisita ng palasyo. Sa halip na dumerecho sa grand throne hall ay nakatambay siya sa *Geumcheongyo*, ang pinakamatandang tulay na yari sa bato sa buong Seoul. Its graceful arches were decorated with sculptures of mythical fire-eating creatures called *haetae*.

At ugali niyang dukwangin ang pasimano ng tulay para lang matingnan iyon. Malakas ang loob niya dahil wala namang tubig na babagsakan. Sahig na gawa sa bricks ang nasa ilalim nito.

“Shit, Billie! What are you doing? Narito na ako, hindi kita inindyan! Huwag ka nang magpakamatay, please,” sabi ng kung sino, sabay hinawakan siya sa

magkabilang braso at hinila sa pagkakadukwang niya upang abutin ang ulo ng *haetae*.

Asar na umayos siya ng tayo at lalong uminit ang ulo, kasabay ang pagkabog ng dibdib. Napapikit siya nang lumapat ang kanyang likod sa matipunong dibdib ni JD. Hindi niya alam kung paano ang gagawin. He was too damn close.

“Puwede mo na akong bitawan.” Binitawan naman siya nito at lumayo. “At hindi ako magpapakamatay!” nanlalaki ang mga matang asik niya. “Akala ko kasi ikaw’yung isa sa mga nilalang na nakadikit sa arches nitong tulay. Tsine-check ko lang.” Ngumisi siya bago nauna nang maglakad.

“Funny,” anito habang nakasunod.

“Let’s get down—”

“Here? You naughty girl,” nagniningning ang mga matang putol ng binata sa sasabihin niya.

“Let’s get down to business! Patapusin mo kaya ako?” nangungunot ang noong saad niya. Pigil na pigil siyang magtaas ng boses. Hindi niya alam kung bakit kaya ng lalaking ito na pakabahin, at buwisitin siya at the same time.

Ilang sandaling minasdan siya ni JD bago

napabuntong-hininga. “All right,” sang-ayon nito sa sandaling makapasok na sila ng *Injeongjeon*, ang grand hall.

Iginala niya ang paningin sa interiors. It had high painted ceilings, an ornate throne, electric chandeliers and western-style curtains. “Ano na?” untag niya sa katabi.

“Who are you, Billie?” sa wakas ay tanong nito. “Fine, nag-research ako tungkol sa ’yo at system engineer ka nga sa *Vangaurd Seoul*. Pero ano talaga ang trabaho mo kay Jae Rim?”

# 3

Nangunot ang noo niya. “Bakit hindi mo siya tanungin?”

“Ginawa ko na, pero kapareho din lang ng sinabi niya sa akin noong isang araw ang sagot,” mahinang sabi nito, sabay tapik sa kanyang braso, tanda na magpatuloy na sila sa paglalakad.

They delved further into the palace grounds, passing smaller buildings which were the royal residences. “So, ano ngayon, hindi ka naniniwala sa kanya?”

“It’s not that. I’m actually just... worried,” tugon nito na napatingin sa kanya. Naningkit ang mga mata nito bago lumapit at ipinaikot ang isang braso sa kanyang baywang. He pulled her closer to him, as if getting her out of the way.

Magpoprotesta na sana siya ngunit sa paglingon ay nakita niyang isang magbabarkadang Korean ang dumaan, na kung hindi siya nahila ni JD ay baka ‘nasagasaan’ na siya.

Isa iyon sa hindi na yata niya makakasanayan na ugali ng Koreans. Kahit nasaan pa siya, kung

dadaan sila at kahit sa tingin niya ay hindi naman siya nakaharang ay kailangang tumabi siya dahil babanggain talaga siya ng mga ito. She used to yell at people because she was often pushed and bumped. Para sa kanya ay kabastusan iyon. That was until her bosses told her that in Korea, that was just the way people were.

*Well, sa Pilipinas din naman, patayan sa MRT kapag rush hour.*

At may isa pa siyang nare-realize ngayon. *JD.*

Halos magkayakap na sila. Pag-angat niya ng tingin ay tumalon yata ang puso niya dahil nakatingin din ito sa kanya. Kung bakit naman hindi niya magawang ialis ang mga mata sa binata.

What a lovely creature! She marveled at his eyes that gazed back at her. And his lips...

Napalunok siya. *Parang ang lapit masyado...*

“Hey, Billie!”

Sa narinig ay napabitaw siyang bigla kay JD. Muntik pa siyang ma-off balance, mabuti at nahawakan siya nito sa braso. Bumaling siya sa tumawag. It was one of those guys she dated before. At super friends na sila ngayon.

Napangiti siya nang malawak. “Hey, Lewis.”

“I thought I was mistaken.” Napailing ito. “Then again, one Billie is plenty.” Ngumisi ito.

She made a face at him. “Why here so early?”

“I’m with my students. They’re all over the place with their cameras. I’m making them do that photo essay you suggested,” pagbibigay-alam nito, na hindi man lang itinago ang curiosity sa mga mata habang nagpapalipat-lipat ang tingin sa kanila ni JD.

Noon niya napansing nakahawak pa rin si JD sa braso niya. Pumiksi siya. “Oh, right, that’s cool! Will you let me see their work? I can help you grade them,” pagboboluntaryo pa niya.

Lumawak ang ngiti ni Lewis. “Of course.”

Exaggerated na tumikhim ang katabi niya.

Naiiling na ipinakilala niya tuloy si JD sa kaibigan. “JD, that’s Lewis. He’s a translator at *Vanguard* and also teaches Creative Writing. Lew, this si JD. He is a professor at *SNU* and also works for *MBC*.”

Umarko ang isang kilay ni Lewis. “And he’s your...?”

Tiningnan niya ito nang masama. “He’s my

client's boyfriend."

Nanlaki ang mga mata nito. "You're dating your client's boyfriend?" kunwa ay naeskandalong sabi nito.

"Shut up!" angil niya. Narinig niyang natawa si JD. Siniko niya ito. "FYI, his girlfriend is *The Jae Rim Park*, okay?"

"Wow!" Lewis looked impressed. Binalingan nito ang kasama niya. "Sorry, man, for thinking you would eat on this imp here, when you have such a fi—"

Asar na sinuntok niya sa braso ang kaibigan. "Ya! What are you saying?"

Natawa lang si Lewis. "Nothing, *My Sassy Girl*," sabi nito, na ang tinutukoy ay ang pelikula kung saan mabigat ang kamay ng heroine. "Hey, I should go. I'll definitely take you up on that offer, all right?" Sumaludo ito kay JD bago nagtatakbo na palayo.

Napatingin siya sa katabi na napapangiti. "What are you smiling about?"

"Wala." Napailing ito. "That dude is obviously fond of you, but—"

"But I'm no girlfriend material, I know," agaw niya sa sasabihin nito.



Ilang sandaling minasdan siya ng binata, nagtataka, bago siya muling hinila palapit dito. Pumaikot ang isang braso nito sa kanyang balikat. “Hindi naman iyon ang sasabihin ko.”

Billie’s heart skipped a beat as she felt his warm body pressed against hers. *Hindi tama ito...*

Huminga siya nang malalim bago marahang itinulak ito palayo. Mahirap nang makakuha pa sila ng atensyon. “Huwag ka ngang panay ang yakap diyan. Hindi tayo close.”

Tumaas lang ang isang kilay nito.

Bakit ba parang ang komportable na kaagad ng lalaking ito sa kanya? “May itatanong ka pa ba? Sasabihin? May trabaho pa akong dapat harapin kaya kung wala ka nang kailangan, d’yan ka na,” sabi niya bago tinalikuran si JD at naglakad na palayo.

Dere-derecho siya paakyat muli sa great hall, at wala siyang naramdaman o narinig na sumunod o tumawag sa kanya.

JD just let her go.

Pagdating sa tulay ay urong-sulong siya. Hindi niya alam kung bakit nagtatalo ang kanyang kalooban. Parang gusto pa niyang bumalik.

Gusto pa niya itong makasama.

But reason took over and soon she was out of the *Changdeokgung*, and heading for the nearest train station.

---

Isa sa higit na nagustuhan ni JD sa halos tatlong taon na niya sa Korea sa kabila ng malayo siya sa pamilya, hindi siya naho-homesick dahil napaka-friendly at hospitable ng mga Koreans. Kahit ilang beses na siyang nabangga at naitulak habang naglalakad o nabubusinahan dahil may gustong magpark sa sidewalk na nilalakaran niya, sa tingin niya ay ang mga Koreans pa rin ang isa sa pinakamabait na lahing nakilala niya.

“*Annyeong, Oppa! Kop-pi?*” alok sa kanya ng isang cute na barista na nasa labas ng isa sa mga coffee shops sa Itaewon, ang neighborhood na kilala sa emerging restaurant scene nito. Karamihan ng establishments doon ay pag-aari ng mga dayuhan, na ka-alternate ang santambak na coffee shops, local o international franchise man.

Nakangiting kinuha niya ang paper cup ng sample na marahil ay bagong blend na ino-offer ng coffee shop na iyon. Inabot niya iyon gamit ang

dalawang kamay, as is customary among Koreans when receiving something. “*Kamsahamnida!*” Yumuko siya nang bahagya bilang pasasalamat.

“Cook-kie?” sabi muli ng barista, sabay abot sa kanya ng isang piraso ng cookie. Muli siyang nagpasalamat. Sanay na siya sa ganito, dahil halos lahat ng shops sa Seoul ay nagbibigay ng kung anu-anong freebies sa mga dumadaan upang mahikayat ang mga itong pumasok doon.

He looked past the barista, trying to decide if he should really have coffee now. He contemplated about resting awhile inside the café upang ma-relax muna siya nang kaunti bago ituloy ang paglalakad patungo sa kung saan siya nag-park ng kanyang sasakyan.

Nang may makita siya sa loob, sa isang sulok ng spacious na café, hindi na siya nagdalawang-isip pa. He was grinning as he entered the shop, and headed to the corner where a familiar figure sat hunched on an *Archie* comic book.

Pumuwesto siya sa likuran nito at bahagyang dumukwang. “So who’s your favorite Riverdale teen?”

Kaagad napabaling sa kanya si Billie na nanlalaki ang mga mata bago iyon naningkit, sabay hampas sa balikat niya gamit ang binabasa.

Natawa siya. “Magugulatin ka pala.”

Tiningnan lang siya nito nang masama. “May usapan ba kayo ni Jae Rim?”

“Wala naman. But I was in the area, in the next block at *Wolfhound*,” tukoy niya sa isang Irish pub. “May ka-meeting lang ako at pagdaan ko dito, binigyan ako ng masarap na freebie ng barista. Then I saw you...” Lumigid siya sa couch at naupo sa tabi ng dalaga. “Kawawa ka naman, mag-isa. So, baka lang kailangan mo ng guwapong kasama.”

She snorted. “I am with Jae Rim. Nand’yan lang sila sa second floor ng mga ka-meeting niya.” Bahagyang itinulak siya nito. “Ang laki ng espasyo, bakit ka ba laging nakadikit?” tila naaalibadbarang sabi nito.

“Dumidikit ako?” kunwa ay takang tanong niya. “Hindi, ah.” He moved closer. Man, he loved the smell of her hair and the feel of that soft, warm body. “Ganito ang dumidikit.” And he moved closer. “Dikit na dikit.”

Asar na tumayo ito. “Ang landi mo! Isusumbong kita kay Jae Rim!”

Tumayo rin siya. “My lovely girlfriend happens to find my kalandian rather cute.” Sumulyap siya sa

kalapit na hagdanan patungo sa second floor. “So, she’s upstairs?”

Tumango ito. “Ipinasara nila ang second floor for the meeting. She’s with people from this artist management group, and Young Ji Cheul. Para sa ad campaign ng *Park Hotels*.” Tila kinikilig pang napangiti ito. “Ang guwapo ni Ji Cheul! Grabe! Kahit naka-disguise siya, ang lakas pa din ng dating.”

Nangunot ang noo niya bago pilit ipinagwalang-bahala ang naramdamang inis. Alam naman niya ang tungkol sa meeting na ito ng nobya. He just didn’t know it was going to be today, and in this quaint, inconspicuous coffee shop.

“Ngayon pala iyon. Ayos.” Napatangu-tango siya habang iginagala ang tingin sa café. Mukhang walang fan na nakatunog na naroon ang isa sa pinakasikat na actor-singers sa bansa. “Sabi ni Jae, nahirapan daw siyang makipag-set ng meeting sa taong ’yun.” He stood close to Billie.

“Nahirapan lang i-set ang saktong lugar at oras. Ji Cheul *oppa* picked this place. Okay, di ba?” Nawala ang ngiti nito nang mapatingin muli sa kanya. “Sabi nang huwag didikit, eh!”

“Bakit?” kunwa ay clueless na tanong niya bago

inamuy-amoy ang sarili. “Naligo ako, ah.” Then a thought occurred to him. “Hmm... naiilang ka sa akin? Kasi...” Inilapit niya ang mukha sa babae bago nagpatuloy, “Crush mo ako?”

Halos mabali ang leeg ni Billie sa marahas na pag-iling. Mukhang may sasabihin pa ito nang may marinig silang mga yabag mula sa hagdanan. May dalawang lalaki at isang babaeng naunang bumaba, kasunod ang pamilyar na long legs ng kanyang girlfriend, na natatakpan ng black tights.

Then the lovely Jae Rim finally came into view. Magaang na nakaalalay rito ang isang lalaking mukhang dignitary ang hitsura at nakasuot ng nerdy glasses. It was far from the popular actor-singer who usually looked like a gruff, sulky rock star.

“Hay, kahit ano’ng hitsura ni Ji Cheul *oppa*, ang yummy pa rin,” narinig niyang bulong ni Billie. Parang hugis-puso na ang mga mata nito habang nakatingin sa celebrity na katabi ng girlfriend niya.

“Hey, gorgeous!” Nagliwanag yata ang buong café dahil sa ngiti ni Jae Rim habang nakatingin sa kanya. Tumango ito kay Ji Cheul bago nilapitan siya at hinagkan sa pisngi. Humawak ito sa braso niya bago napatingin kay Billie. Tumaas ang isang kilay nito nang marahil ay mapansing magkatabi sila. “You

like my cute friend here, huh?”

Billie rolled her eyes. “Your boyfriend is an ass. Excuse the word, Jae. But he is.”

Curious na minasdan siya ng nobya.

“Don’t listen to her. I just found out she has a crush on me that’s why she’s mad,” depensa niya.

Natawa si Jae Rim, sabay tila gigil na kinurot siya sa pisngi. “Aw, JD. Don’t kid yourself. Billie’s boyfriend is a very handsome bloke.”

Nakita niyang binelatan siya ni Billie bago ito lumapit kay Ji Cheul at talagang kumapit din sa braso ng actor. “Your disguise really worked, but you still look gorgeous.”

Natawa lang ang lalaki. “And you didn’t have to dress up like most girls here to look as pretty as you are now.”

JD snorted. Ipinako niya ang atensyon sa nobya na curious na nakatingin sa kanya. “What are you up to after this, sexy?”

“I’m taking these guys to the hotel. And Billie is going with me. You?”

“Just wrapped up a meeting with some *MBC* guys.

I have a class in an hour or so.”

Napatango ang babae. “Well, I won’t keep you. See you tomorrow? Lunch at *Yogi*?” tukoy nito sa paborito nilang noodle shop malapit sa university.

“Of course.” Nginitian niya ito bagaman nangangati siyang tingnan sina Billie at Ji Cheul, na mukhang nagkakabolahan na sa isang tabi.

“See you, gorgeous,” malambing na sabi ni Jae Rim bago siya hinagkan sa pisngi. Bumitaw na ito sa kanya at natatawang kumapit din sa braso ni Ji Cheul, sa pambubuyo ni Billie na nakahawak naman sa kabilang braso ng lalaki.

Si Billie na bago lumabas ay talagang nilingon pa siya at nginitian nang tila nakakaloko.

He just puckered up his lips at her, dahilan upang irapan siya nito bago tuluyang lumabas ng pinto. Mula sa glass doors ay nakita niyang tumawid ang mga ito patungo sa sasakyang naka-park lang sa tapat.

Nakatingin lang siya hanggang sa makaaalis na ang sinasakyang SUV ni Jae Rim na si Billie ang nagmamaneho.

At hindi niya maintindihan kung bakit mas



*Heart And Seoul - Sachi Bliss*

---

nalulungkot siya sa pag-alis ni Billie kaysa ng nobya.